


Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 7:

Sana All!



**Mother Tongue-Based Multilingual Education – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 7: Sana All!
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Hazel Jane A. Villegas

Editor: Lyn C. Dela Cerna, Jesusa P. Ambrona, Lourdes C. Manlapus

Tagasuri: Babeth P. Gevila, Rhenah H. Nisperos, Shiela L. Cambungga,
Gloria C. Sabanal, Aries A. Gamino

Tagaguhit: Deodito C. Curaza Jr.

Tagalapat: Hazel Jane A. Villegas

Tagapamahala: Allan G. Farnazo

Mary Jeanne B. Aldeguer

Analiza C. Almazan

Ma. Cielo D. Estrada

George N. Wong

Winnie E. Batoon

Chona M. Calatrava

Teresita E. Helgason

Jesusa P. Ambrona

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: regionxi@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 7:

Sana All!

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kumusta? Halika at sabay nating alamin ang nilalaman ng modyul na may pamagat na Sana All!

Subukin mo kung paano ang wastong paggamit ng ekspresyong gusto at umaasa. May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nagagamit ang mga ekspresyong gusto at umaasa na angkop sa antas ng baitang upang maiugnay/maipakita ang sariling tungkulin (MT3OL-Id-e-3.4).



Mga Tala para sa Guro

Upang ikaw ay maging matagumpay sa paggamit ng kagamitang ito, tandaan mo lamang na laging basahin ang mga panuto sa bawat gawain na makikita sa modyul. Maligayang pag-aaral!



Subukin

Punan ang patlang ng salitang **Umaasa** o **Gusto** upang mabuo ang diwa ng pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. _____ kaming makakamit namin ang tagumpay sa patimpalak ng Madulang Diyologo bukas.
2. _____ nina Cassy at Marga ang maging sirena.
3. _____ akong bibisita ang aking mga kaibigan dito sa ospital.
4. _____ ng aking nakababatang kapatid na makakita ng Diwata.
5. _____ si Marco na hindi uulan bukas upang matutuloy ang piknik nilang mag-anak.

Aralin

1

Sana All!

Ano ang iyong gusto at inaasahan paglaki mo? Hindi ba, may mga pangarap at ambisyon ang batang katulad mo? Ang maging matagumpay sa buhay katulad ng iyong mga idolo na kung minsan ay mapapa Sana All ka talaga sa estado ng buhay na kanilang tinatamasa.

Sa modyul na ito ay may iba't ibang ekspresyon kang dapat matutunan. Ito ay ang "Gusto" at "Umaasa". Alamin natin kung papaano ito gagamitin.



Balikan

Bago tayo dumako sa bagong leksiyon, balikan muna natin ang natutunan mo sa naunang modyul.

Buoin ang **graphic organizer** sa ibaba. Ibigay ang mga panlapi at salitang-ugat ng mga sumusunod na salita. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

Salitang-ugat		Panlapi		Salita
	+		=	mabilis
	+		=	maganda
	+		=	tumawa
	+		=	taniman
	+		=	linisin



Tuklasin

Basahing mabuti ang kuwento sa ibaba at bigyang pansin ang mga salitang may salungguhit.

Mga Munting Pangarap
ni: Hazel Jane A. Villegas



Sa malayong baryo ng isang lungsod, nakatira ang limang matalik na magkakaibigan. Sila ay sina Kate, Ella, Niel, James, at Alexis. Lahat sila ay nasa ikatlong baitang ng Mababang Paaralan ng Peñaplata Sentral.

Isang hapon, matapos ang kanilang klase ay naglaro ang magkakaibigan sa palaruan habang hinihintay ang kanilang mga sundo. Nagkuwentuhan sila kung ano-ano ang kanilang mga pangarap sa buhay simula noong bata pa sila.

Alexis: Umaasa akong maging doktor paglaki upang matulungan ko ang mga maysakit.

Kate: Gusto ko namang maging diwata para maibigay ko ang inyong mga kahilingan.

Niel: Ako naman, gusto kong makatagpo ng **Gennie** upang mabigyan niya ako ng tatlong kahilingan at ang mga ito ay magkatotoo.

James: Simula ngayon, magsisikap akong mabuti at umaasa akong maging matagumpay sa anumang bagay na aking gagawin.

Ella: Noong hindi pa ako nagsimulang mag-aral, naalala ko na gusto kong maging sirena.


Tumunog ang bell ng paaralan. "Sana all! Magkatotoo," sabay-sabay na sigawan ng magkakaibigan. Dito natapos ang masaya nilang kuwentuhan sapagkat isa-isa nang dumating ang kanilang mga sundo.



Suriin

Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba. Piliin sa salitang umaasa o gusto ang angkop na gamitin sa pagpapahayag ng iyong nais. Isulat ang sagot sa iyong papel o kuwaderno.

1)



umaasa gusto

2)



umaasa gusto

3)



umaasa gusto

4)




umaasa gusto

5)



umaasa gusto



Tandaan

May mga salitang dapat mong gamitin upang maipahayag ang nais. Ito ay ang mga salitang **umaasa** at **gusto**. Ang gamit ng dalawang salita ay magkaiba.

Umaasa - ginagamit kung ang nais ay maaring mangyari sa ating buhay o makatotohanan.

Halimbawa: Umaasa akong maging doktor.

Gusto - ginagamit kung ang kaisipang ipinapahayag ay hindi maaaring mangyari sa ating buhay hindi makatotohanan.

Halimbawa: Gusto kong maging sirena.



Pagyamanin

Tingnan ang kahong nasa ibaba at basahing mabuti ang mga pangarap na nais makamit ng mga bata. Pangkatin kung saang hanay dapat ito mapabilang. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

guro	hari	gennie
dentista	prinsesa	inhinyero
reyna	mangingisda	manggagamot

Umaasa	Gusto



Isaisip

Kailan gagamitin ang gusto?

Kailan naman gagamitin ang umaasa?



Isagawa

Basahing mabuti ang mga pangungusap. Isulat kung **Tama** o **Mali** ang pagkakagamit ng ekspresyong gusto at umaasa. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. **Umaasa** ang aking ina na ako ay magiging isang ganap na nars sa aking paglaki.
2. **Gusto** ni Maximus na makakita ng mga nilalang mula sa ibang planeta.
3. Ang kambal na sina Tanya at Tonyo ay mahilig manahi ng mga damit. Pareho silang **umaasa** na maging sikat na modista at sastre sa kanilang paglaki.
4. "**Gusto** kong maging bumbero," sabi ni Jayson.
5. "**Umaasa** akong makakita sa totoong buhay ng Pegasus tulad ng mga nasa palabas," saad naman ni Herbert.



Tayahin

Basahin at unawaing mabuti ang mga pangarap ng mga bata at kung ano-ano ang nais nilang gawin. Piliin ang wastong ekspresyon na dapat gamitin at isulat ang titik ng iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

A. Umaasa

B. Gusto

1. Tindera - Mahilig akong magtinda ng gulay, bigas, manok, prutas at iba pang mga kailangan ng tao.
2. Wizard - Ako ay makapangyarihang nilalang na gumagamit ng mahika.
3. Tubero - Inaayos ko ang mga sirang tubo ng tubig.
4. Higante - Kilala rin ako sa tawag na dambuhala. Ako ay isang tao o nilalang na may napakalaking sukat at hindi pangkaraniwang lakas, taas, o kabangisan.
5. Barbero - Ginugupitan ko ang mga taong may mahahabang buhok.



Karagdagang Gawain

Gumawa ng dalawang pangungusap sa bawat ekspresyon na iyong natutuhan. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

Umaasa:

1. _____
2. _____

Gusto:

1. _____
2. _____



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

1. A
2. B
3. A
4. B
5. A

Isagawa

1. tama
2. tama
3. tama
4. mali
5. mali

Pagymamanin

Umasa	Gusto
manggamot	hari
guro	reyna
inhinyero	gennie
dentista	prinsesa
mangingsida	

Sunin

1. umasa
2. gusto
3. gusto
4. umasa
5. umasa

Balikan

Panlapi Salitang-Ugat

1. ma	1. ma
2. ma	2. ma
3. -um-	3. -um-
4. -an	4. -an
5. -in	5. -in

bilis ganda tawa tanim lilis

Subukn

1. Umasa
2. Gusto
3. Umasa
4. Gusto
5. Umasa

Sanggunian

Curriculum Guide in Mother Tongue Based-MLE 3, p133.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Final K to 12 Most Essential Learning Competencies (MELCs) with
Corresponding CG Codes in MTB-MLE Grade III Quarter 1.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Bamba, Nelia D., Claire B. Barcelona, Gretel Laura M. Cadiong,
Franlyn R. Corporal, Florinda Dimansala, Lilibeth A. Magtang,
Victoria D. Mangaser, Florita R. Matic, Irene T. Pilapil, Grace
U. Rabales, Raquel C. Solis, and Arabella May Z. Soniega.

MTB-MLE Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog- Baitang 3):

Book Media Press, Inc., 2014, 55 *DepEd Complex, Meralco*

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph